{Nagsatungkulin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa zakāh ng pagtigil-ayuno ng isang ṣā` ng datiles o ng isang ṣā` ng sebada, na kailangan sa alipin at malaya, lalaki at babae, at nakababata at nakatatanda kabilang sa mga Muslim. Nag-utos siya nito na ibigay ito bago ng paglabas ng mga tao papunta sa ṣalāh.}

Ayon sa Anak ni `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) na nagsabi: {Nagsatungkulin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa zakāh ng pagtigil-ayuno ng isang ṣā` ng datiles o ng isang ṣā` ng sebada, na kailangan sa alipin at malaya, lalaki at babae, at nakababata at nakatatanda kabilang sa mga Muslim. Nag-utos siya nito na ibigay ito bago ng paglabas ng mga tao papunta sa ṣalāh.}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nag-obliga ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng zakātul fiṭr (zakāh ng pagtigil-ayuno) matapos ng Ramaḍān. Ito ay katumbas ng sukat ng isang ṣā` na umaabot ang timbang sa apat na mudd. Ang mudd ay isang pagkapuno ng dalawang kamay ng katamtamang lalaki ng datiles o sebada, na kailangan sa bawat Muslim: sa malaya at alipin, lalaki at babae, at nakababata at nakatatanda. Iyon ay ukol sa sinumang nagtaglay ng sumobra sa pagkain ng araw niya at gabi niya alang-alang sa sarili niya at alang-alang sa mga itinataguyod niya. Nag-utos siya na ibigay ito bago ng paglabas ng mga tao papunta sa ṣalāh ng `īd.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/4520